



Mga Pagbabago sa serbisyo ng Brampton Transit bilang tugon sa COVID-19 simula Abril 13 at mga detalye sa serbisyo sa Biyernes Santo

BRAMPTON, ON (Abril 7, 2020) – Bilang tugon sa COVID-19 at para matiyak na ligtas na naglilingkod ang Brampton Transit sa komunidad nito, magbabago ang serbisyo ng bus ayon sa sumusunod hanggang sa karagdagang abiso, simula Lunes, Abril 13.

Ang mga ruta na nakatala sa ibaba ay tatakbo sa sumusunod na mga iskedyul:

- **Lunes hanggang Sabado** – tatakbo ang mga bus sa Pinaigting na Serbisyo sa Linggo (Regular na Serbisyo sa Linggo na may karagdagang mga biyahe sa loob ng Mga Pinaka-abalang Oras sa AM at PM sa mas abalang mga ruta, kabilang ang mas maagang mga biyahe na katulad ng mga oras sa regular na trip sa weekday)
- **Linggo** – tatakbo ang mga bus sa Serbisyo sa Linggo, na kabilangan ng ilang kinanselang ruta
- 501 Züm Queen (Highway 7 hanggang Vaughan Metropolitan Centre lamang)
- 502 Züm Main
- 511/511A Züm Steeles
- 1 Queen
- 2 Main
- 3/3A McLaughlin
- 4/4A Chinguacousy
- 5 Bovaird
- 6 James Potter – Serbisyo sa mga Pinaka-abalang Oras lamang at walang Serbisyo sa Linggo
- 7/7A Kennedy
- 10 Industrial – Serbisyo sa Lunes-Biyernes lamang
- 11/11A Steeles
- 14/14A Torbram
- 15 Bramalea
- 18 Dixie
- 20 East Industrial – Serbisyo sa Lunes-Biyernes lamang
- 23 Sandalwood
- 26 Mount Pleasant – Hanggang 7 pm lamang ang Serbisyo at walang Serbisyo sa Linggo
- 29 Williams Parkway – Serbisyo sa mga Pinaka-abalang Oras lamang at walang Serbisyo sa Linggo
- 30 Airport Road
- 31 McVean – Serbisyo sa mga Pinaka-abalang Oras lamang at walang Serbisyo sa Linggo
- 50 Gore Road
- 51 Hereford - Serbisyo sa mga Pinaka-abalang Oras lamang at walang Serbisyo sa Linggo
- 53 Ray Lawson (walang Serbisyo sa Linggo)
- 56 Kingknoll (walang Serbisyo sa Linggo)



- 60 Mississauga Road – Lunes –Biyernes Serbisyo sa mga Pinaka-abalang Oras lamang at walang Serbisyo sa Sabado/Linggo
- 115 Airport Express

Bisitahin ang www.bramptontransit.com para sa talaan ng mga kanseladong ruta.

Ang mga Züm articulated bus ay maaaring italaga sa ibang mga ruta para sa karagdagang kapasidad at para suportahan ang mga gawain ng pisikal na pagdistansya.

Ang mga pagbabagong ito ay ipapatupad upang muling italaga ang karagdagang mga resource sa ilan sa mas abalang mga ruta ng Brampton Transit habang patuloy tayo sa paglilimita ng mga karga ng bus sa kalahating nakaupong pasilidad para suportahan ang mga gawain ng pisikal na pagdistansya. Ang layunin ay para magbigay ng sindaming serbisyo na pinahihintulutan ng mga resource at para matiyak na ang lahat ng lugar sa lungsod ay may makatwirang access sa pampublikong transportasyon.

Serbisyo sa Biyernes Santo – Abril 10

Tatakbo ang Brampton Transit sa Binawasang Serbisyo sa Linggo/Holiday para sa Biyernes Santo. Ang mga detalye tungkol sa Binawasang Serbisyo sa Linggo/Holiday, kabilang ang mga pagkansela ng ruta, ay makikita sa www.bramptontransit.com.

Ang Contact Centre ay magiging bukas at available para tumulong sa mga sumasakay mula 9 AMhanggang 6 PM sa 905.874.2999.

Sarado sa publiko ang mga Pasilidad ng Brampton Transit at ang mga counter ng Customer Service sa mga terminal.

Mga pangkaligtasang pamamaraan para sa COVID-19

Ang pinaigting na iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling may bisa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na ibabaw, mga compartment ng operator at mga upuan kada 48 oras. Ang mga bus ay kasalukuyang sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga ibabaw ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw. Hinihikayat ang mga sumasakay na magdala ng kanilang sariling personal na disinfectant kapag nagbibiyahe, tulad ng hand sanitizer o wipes, at madalas na hugasan ang kanilang mga kamay.

Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib. Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa regular na mga update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Ang mga tanong ay pwedeng ipaabot sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905-874-2999.



Service and Information Update

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon Strategic Communication
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca